CIVIL SERVICE COMMISSION
Republic of the Philippines

Patalastas Bilang 23, s. 2021

# PATALASTAS

**SA : LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO**

**PAKSA : PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2021**

Alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, pangungunahan ng **Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)** ang pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa** na idinaraos tuwing **1-31 ng Agosto**.

Para sa sabayang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa at Buwan ng Kasaysayan, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg, 21-17 na nagtatakda ng temang "*Filipino at Mga Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino*" na naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

Ang layunin ng pagdiriwang ay ang sumusunod:

a) Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b) Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
c) Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d) Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at,
e) Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

Hinati sa apat (4) na lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| 2-6 Agosto | Wikang Katutubo: Tanghalan ng Yaman at Kalinangang Katutubo |


CSC Building, IBP Road, Batasan Hills, 1126 Quezon City (02) 931-7935/(02) 931-7939/(02) 931-8092 cscphil@csc.gov.ph www.csc.gov.ph

| | |
|---|---|
| 9-13 Agosto | Wikang Katutubo: Wika ng Lahi, Wika ng mga Bayani |
| 16-20 Agosto | Wikang Filipino: Bigkis ng Magkakalayong Pulo |
| 23-31 Agosto | Mga Wikang Katutubo sa Pagbubuo ng Pambansang Panitikan |

Malugod na hinihikayat ang suporta at pakikilahok ng mga kinauukulan sa mga gawain at programa kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)** sa telepono blg. 0928-8441349 o mag sulatroniko sa komisyonsawika@gmail.com.

**ALICIA dela ROSA-BALA**
Tagapangulo

**2 August 2021**